NOM : Évaluation en langue d'origine (CYCLE III) : **TAGALOG**
*(Philippin)*

**DOCUMENT 1**



***Bonjour ! Hello !***
***Buon giorno ! Buenos dias !***
***Magandang araw !…***
**…**

## *Ang pransés sa mundo*

Ang ating planeta sa kasalukuyan ay mayroong halos sa 6 na bilyong naninirahan at ang mga ito ay nasa 200 bansa o estado. Ang mga naninirahan sa mga bansang ito ay nagsasalita ng kani-kanilang linggwahe. Ngayon ay may daan-daaang linggwahe. Karamihan nito ay ginagamit ng libu-libong nanininirahan. Ang inglis ay ang linggwahe na ginagamit sa pandaigdigang kalakalan, pero ang intsik ay ang linggwahe na ginagamit ng maraming tao. Sa buong mundo, halos sa 200 milyong tao ang gumagamit sa araw-araw ng salitang pransés : 60 milyon sa Pransya at sa halos iba't-ibang bansa kagaya ng Belgium, Switzerland, Canada at ibang bansa ng Africa.

## *Ang paaralan ng Pransya*

Sa Pransya, ang paaaralan ay isang obligasyon hanggang 16 taon ng bata. Ang mga bata ay nagsisimula ng pag-aaral sa mababang paaralan o elementarya, sa maatas na paaralan o sekundarya at magtatapos sa kolehiyo. Ang kindergarten, na nagtatanggap ng mga malilit ng mga bata na may 6 na taon pababa, ay hindi obligasyon na mag-aral, pero ito ay naghahanda sa kanila para sa elementarya at pinapayuhan ang mga magulang na ipatala ang kanilang mga anak. Sa paaralang elementarya, tinatanggap natin ang mga pangunahing karunungan para makapasok sa mundo ng mga adulto : pagbabasa, pagsusulat at pagbibilang, pero pagkakatuto din ng ibang linggwahe, pagkaroon ng karunungan sa computer at sa iba't-ibang karunungan. Dahil nito, kinakailangan ang sipag at tiyaga sa iyong sarili. Kung ang isang mag-aaral ay lumiban sa klase, kinakailangan na siya ay magdadala ng liham ng kaniyang mga magulang.

Sa bawat paaralan, mayroong 5 klase na magkakasunod at ang mga ito ay tumatapat sa 5 baitang na pag-aaral. Sa ibaba, ito ay isang halimbawa lamang, ang pagbabahagi ng oras ng isang klase ng mga batang may 8 taong gulang:

| | LUNES | MARTES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|
| 08-30 | *PRANSES* | *PRANSES* | *PRANSES* | *PRANSES* |
| | *MATEMATIKA* | *MATEMATIKA* | *MATEMATIKA* | *MATEMATIKA* |
| 10-00<br>10-20 | *R E K R E A S Y O N* | | | |
| | *MATEMATIKA* | *MATEMATIKA* | *MATEMATIKA* | *MATEMATIKA* |
| | *PAGBABASA* | *PAGBABASA* | | |
| 11-30<br>01-30 | *P A H I N G A S A T A N G H A L I – A N* | | | |
| | *PAGBABASA* | *SIYENSYA* | *SIYENSYA* | *KASAYSAYAN* |
| | *GEOGRAPHY* | *KOMPUTER* | *SWIMMING* | *PAGBABASA* |
| 03-00<br>03-20 | *R E K R E A S Y O N* | | | *R E K R E A SYON* |
| | *MUSIKA* | *MGA ARTENG PLASTIK* | | *EDUKASYONG PAMPISIKAL* |
| 04-30 | | | *PAGTUTULA* | |

Kinakailangang kasuotan o gamit :
- *Sa swimming pool* : kasuotang panlangoy, sombrero na panligo, tuwalya.
- *Pisikal na Edukasyon* : short, sapatos na goma, tee-shirt.
- *Tanghalian sa Kanteen* : magdala ng tuwalya at sipilyo.

## Sagutin ang mga sumusunod na tanong at bilugan ang tamang sagot

① Anong linggwahe ang pinagsasalita ng karamihan sa buong mundo?

*Ang Pranses.*

*Ang Inglis.*

*Ang Intsik.*

② Tayo ba ay nagsasalita ng Pranses sa bansang Pransya lamang?

*Oo.*

*Hindi.*

③ Dito ba sa Pransya, ang pag-aaral ay kinakailangan sa isang bata na may 4 na taong gulang?

*Oo.*

*Hindi.*

…/ 2 + …/ 2 + …/ 2 = …/6

④ Pagmasdan ang pagbabahagi ng oras : ilang minutos ibabahagi bawat recreation?

*40 minutos.*

*30 minutos.*

*20 minutos.*

⑤ Anong araw sa isang linggo na walang " pagbabasa "?

*Lunes.*

*Martes.*

*Huwebes.*

*Biyernes.*

⑥ Anong araw na ang mag-aaral ay kinakailangang magdadala sa paaralan ng kani-kanilang suot panligo at tuwalya?

*Lunes.*

*Martes.*

*Huwebes.*

*Biyernes.*

…. / 2 + ….. /2 +…. / 2 = …. / 6